

ORTOGRAPIYANG INATA

Ortograpiyang Inata

ORTOGRAPIYANG INATA

Ortograpiyang Inata

ORTOGRAPIYANG INATA

Karapatang-sipi © 2024 ng Komunidad ng Ata sa Sitio Manara at Komisyon sa Wikang Filipino.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ni Kimberly De Jesus

Catalog-in-publication data

Rekomendadong lahok:

Ortograpiyang Inata:
ortograpiyang Inata. – San Miguel,
Maynila : Komisyon sa Wikang
Filipino, [2024], c2024.
pages ; cm

ISBN 978-621-450-347-6 (pbk)
ISBN 978-621-450-348-3 (pdf read only)

1. Visayan language – Grammar.
2. Inata language – Grammar.
3. Inata language— Translating into Filipino.

499.21882 PL5621 2024 P420240331

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, 1005 Maynila
Tel. (02) 899-606-70
Email: komfil@kwf.gov.ph
Website: www.kwf.gov.ph

KAUNUD-UNUYAN

Nilalaman

VIII	MENSAHE
	Mensahe
10	GRAFEMA
	Grafema
20	PAHAT AG PAYAHAT-PAHAT
	Pantig at Pagpapantig
24	PAGPANIGBATO JA PAGKUTIBAS
	Pagbaybay na Pasalita
28	PAGPANIGBATO IT PAGSUYAT
	Pagbaybay na Pasulat
34	DIGRAWPONG NGNG
	Digrapong NGng
36	DIPTONGGO
	Diptonggo
38	PAG-IYIS JA TONO
	Palítan ng Tunog

42

SIDJA TII PAGGAYAMIT KAY TULDIK

Paggamit ng mga Tuldik

46

GAYAMITON TII KAY PURONG

Gámit ng Gitling

48

KASAYSAYAN TA HINAMBAYAN KAY INATA

Pagbuo ng Ortograpiya ng Inata

50

ANG MGA BUMUO NG ORTOGRAPIYA NG INATA

Apendiks

52

MGA BATAYANG SALITA PARA SA BATÁ

70

APENDIKS

Apendiks

72

KAPASIYAHAN

MENSAHE

Mensahe

MENSAHE

Akó inja inlubuson nagpapayasamat ja Komisyon sa Wikang Filipino ja kaniyang pagbulig ja mapukod tii lisal inja kamamong panggihawi aj ja kanounjang tinabayat. Akó inja nabonoka paja iti sa kabiyan ja inhaus tii ja ortograpiya kay Inata paja tii sa kanang kapijason sa Ata aj ja man tiing katuguyangan madighason tii sayalimot ja kanyang pagsuporta ja programa Komisyon sa Wikang Filipino ag ja pagkan-ay ja ja ninyong kapiyasan ja ‘pajag pajag’kay Hinambayan kang mga Ata. Otso tii pabakarson ja kanatong Hinambayan ja umagabot tiing katugan.

Injo ja kanatong tonan jai Atta!

GARRY CONSING
TRIBAL CHIEFTAIN, ATA

MENSAHE

Akó po ay lubos na nagpapasalamat sa Komisyon sa Wikang Filipino sa kanilang pagtulong na mapasigla ang aming kultura, ang katutubong wika. Akó ay masayá para sa lahat ng naisagawang ortograpiya para sa mga kabataan sa mga Ata. At sa lahat ng mga magulang, maraming salamat po sa pagsuporta, sa programa ng KWF at sa pagsama ninyo sa kabataan sa Bahay-Wika ng mga Ata. Ating pasiglahin ang ating wika hanggang sa susunod pa na mga taon.

Mabuhay kayóng lahat mga Ata!

GARRY CONSING
TRIBAL CHIEFTAIN, ATA

1 | GRAFÉMA

Sidja tii bayasahon, mahimangnuhan tii it kutibas kay hustoyin kay Inata, isinuyat kay ortograpiya distii. Grafema it tawagon kay grupo tii tanda kay gayamiton it pagsuyat jai it pagkutibas. Kay grafema tii kay Inata kay letra kay di-letra.

1.1. Letra

Sidja tii letra it tanda kay tunog sa pagkutibas. Binug-os tii kay patingog ag katingog. Kay pagsuyunod-sunod tii it letra, ginatawag tii kay alpabeto. Sidja tii kay alpabeto kay Inata. Distii it dayawha ka napuyo kag tawalo (28) kay letra, dayawha ka napuyo kag katuyong kinay (23) katingog: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz, sidja tii tayima (5) kay patingog: Aa, Ee, Ii, Oo, at Uu.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>ji</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>jey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	NGng <i>enji</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Sidja tii kay dayawha ka napuyo kag wayo (28) it letra. Dayawha ka napuyo (20) kay payatandaan it katutubo ja tono. Kay tawayo it huyam tono (Cc, Ee, Ff, Qq, Vv, Xx, ag Zz). Natayupangdan tii kay sistema it tono kay Inata. Sidja tii ja resulta hibayuon tii ag mabasa kay pahina 14-19 Digrapo kay letra NGng ja tagsaun. Sidja inja, dayawha ka payatandaan it gayamiton tii kay kiyaya it tagsaon letra.

1.2. Di-letra¹

Sidja tii kay inja di-letra it ginabug-os tii kay tuldik kay pananda.

¹Ang mga terminong ginamit para sa mga bantas ay hiram sa Hiligaynon dahil walang katutubong termino ang mga ito sa Inata

1 | GRAFEMA

Upang mabása, maiintindihan at mabigkas nang wasto ang Inata, isinulat ang ortograpiyang ito. Grafema ang pangalan ng mga pangkat ng simbolo na gagamitin sa pagsusulat ng salita. Ang grafema ng Inata ay binubuo ng mga titik at di-titik.

1.1. Titik

Ang mga titik ang simbolo ng tunog sa pagsasalita. Binubuo ito ng mga patinig at katinig. Ang pagkakasunod-sunod ng mga titik ay tinatawag na alpabeto. Ang Alpabetong Inata ay may (28) na titik. Dalawampu't tatlo ang katinig: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz at lima ang patinig: Aa, Ee, Ii, Oo, at Uu. Binibigkas at binabása ang mga pangalan ng bawat titik sa pamamaraang Ingles maliban sa Ññ na babasahin katulad sa Español.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>ji</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>jey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	NGng <i>enji</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Sa 28 na titik, walo ang hiram. Ang nagsisimbolo ng katutubong tunog ay 20. Walo naman ang hiram na tunog (Cc, Ee, Ff, Qq, Vv, Xx, at Zz) batay sa pagsusuri sa sistema ng mga tunog sa sálitang Inata. Ang resulta ng pagsusuring ito ay mababása sa páhiná 14 hanggang 19. Dagdag pa rito, ang titik NGng ay isang digrapo. Ibig sabihin, kahit dalawang simbolo ang ginagamit dito, itinuturing itong isang titik lámang.

1.2. Di-titik

Binubuo ang mga di-titik ng mga tuldik at bantas. Narito ang mga tuldik:

Sidja tii pagsuyat kay lingguwahe tii Inata, paya maadju tii pagkutibas kay mga hinambayan, tinagpong, dinalan, it gayamiton tii kay pananda. Sidja tii paggayamit it pagsuyunod-sunod kay pananda it puyo-pariho tii kay Filipino.

.	pintok
?	panangkot
!	panuaw
:	pintupad
;	pintok-kudlit
'	litsaw
,	kudlit
" "	panipi
-	purong

Distii tii kay tuldik:

Tuldik	Inata	Filipino	Gámit
ˈ	takiyíd	‘pahilís’	Payatandaan tii kay tuldik linya pagkutibas.
˘	paiwa	‘paiwà’	Payatandaan tii kay impit inja bubunyan ag <i>glottal stop</i> kay uyahi it tinaga.
ˆ	sunók	‘pakupyâ’	Payatandaan tii kay diin ag impit inja uyahing tinaga kay pagkutibas it mahinguyusog.

1.3. Sidja tii katutubong Tono/Ponema kay Inata

1.3.1. Ponemang Katingog

Paraan ng Artikulasyon	Lugar ng Artikulasyon					
	Pangabil	Pangisyo	Post Alveolar	Palatal	Velar	Glottal
<i>Pasiya</i>	p b	t _____ d			k _____ g	ʔ
<i>Paiyong</i>		m n			ŋ	
<i>Pasitsit</i>		s	[r]			h

Sa pagsulat ng wikang Inata, gumagamit din ng mga bantas para sa maayos na pagbigkas ng mga salita, parirala, at mga pangungusap. Ang paggamit ng sumusunod na bantas ay katulad lámang sa Filipino.

.	pintok	tuldok
?	panangkot	tandang pananong
!	panuaw	tandang padamdám
:	pintupad	tutuldok
;	pintok-kudlit	tuldok-kuwit
'	litsaw	kudlit
,	kudlit	kuwit
" "	panipi	panipi
-	purong	gitling

Narito ang mga tuldik:

Tuldik	Inata	Filipino	Gámit
ˈ	takiyíd	‘pahilís’	Tanda ng diin ng pagsasalita o <i>stress</i> .
˘	paiwa	‘paiwà’	Tanda ng impit sa lalamunan o <i>glottal stop</i> sa hulíhán ng salita.
ˆ	sunók	‘pakupyâ’	Tanda ng diin o impit sa huling pantig ng mga salitáng binibigkas nang mabilis.

1.3. Mga Katutubong Tunog/Ponema ng Inata

1.3.1. Ponemang Katinig

Paraan ng Artikulasyon	Lugar ng Artikulasyon					
	Palabi	Panggilagid	Post Alveolar	Palatal	Velar	Glottal
<i>Pasara</i>	p b	t _____ d			k _____ g	ʔ
<i>Pailong</i>		m n			ŋ	
<i>Pasutsot</i>		s	[r]			h

<i>Affricate</i>			ɗʒ			
<i>Approximant Muyapatingog</i>	w			j		
<i>Padapyin it muyapatingog</i>		l				

1.3.2. Ponemang Patingog

	Ayatubang	Tuyunga	Lujo
Mahabog	i		u
Tuyunga			ɔ
Kuboy		a	

Payis-minimal paya ja Katingog

Ponema	Tunog	Grafema	Tunog	Grafema
/p/ at /b/	[pu.'ja]	puya 'pulá'	['bu.ja]	buya 'pinagtagpo' (fixed marriage)
/t/ at /d/	[tu.'yum]	tuyum 'masarap'	[du.'yum]	duyum 'dilim'
/k/ at /g/	[ku.'jap]	kujap 'hinimatay'	[gu.'jap]	guyap 'tawag sa áso na tamad/ ayaw mangaso'
/d/ at /l/	['da.'jaw]	dajaw 'compliment'	[la.'jaw]	lajaw 'gala/wild'
/n/ at /ŋ/	['ʔa.nas]	anas 'tunog na mula sa agos ng tubig sa ilog at talon'	['a.ŋas]	anas 'noo'
/m/ at /ŋ/	[ʔom.'ʔom]	om-om 'pagsubo ng kamay/daliri'	[ʔoŋ.'ʔoŋ]	ong-ong 'pagsilip na ang kalahating katawan ay nása loob at ang kalahati ay nása labas'
/h/ at /g/	[ha.'joŋ]	hayong 'di masyadong mainit'	[ga.'joŋ]	gayong 'in ay'
/h/ at /s/	[ha.'ja.bot]	hayabot 'paghahalaman gâmit ang kamay'	[sa.'ja.bot]	sayabot 'pulong'
/w/ at /j/	[wa.'got]	wagot 'payat'	[ja.'got]	yagot 'inis'

<i>Affricate</i>			ɗʒ			
<i>Malapatinig</i>	w			j		
<i>Lateral Approximant</i>		l				

1.3.2. Ponemang Patinig

	Harap	Sentral	Likod
Mataas	i		u
Gitna			ɔ
Mababa		a	

Pares-minimal para sa Katinig

Ponema	Tunog	Grafema	Tunog	Grafema
/p/ at /b/	[pu.'ja]	puya 'pulá'	['bu.ja]	buya 'pinagtagpo' (fixed marriage)
/t/ at /d/	[tu.'yum]	tuyum 'masarap'	[du.'yum]	duyum 'dilim'
/k/ at /g/	[ku.'jap]	kujap 'hinimatay'	[gu.'jap]	guyap 'tawag sa áso na tamad/ ayaw mangaso'
/d/ at /l/	['da.'jaw]	dajaw 'compliment'	[la.'jaw]	lajaw 'galâ/wild'
/n/ at /ŋ/	['ʔa.nas]	anas 'tunog na mula sa agos ng tubig sa ilog at talon'	['a.ŋas]	anas 'noo'
/m/ at /ŋ/	[ʔom.'ʔom]	om-om 'pagsubo ng kamay/daliri'	[ʔoŋ.'ʔoŋ]	ong-ong 'pagsilip na ang kalahating katawan ay nása loob at ang kalahati ay nása labas'
/h/ at /g/	[ha.'joŋ]	hayong 'di masyadong mainit'	[ga.'joŋ]	gayong 'in ay'
/h/ at /s/	[ha.'ja.bot]	hayabot 'paghahalaman gâmit ang kamay'	[sa.'ja.bot]	sayabot 'pulong'
/w/ at /j/	[wa.'got]	wagot 'payat'	[ja.'got]	yagot 'inis'

Payis-minimal paya ja Patingog

Ponema	Tunog	Grafema	Tunog	Grafema
/u/ at /i/	[ʔu.gon]	ugong 'mabilis na umiikot'	[ʔi.gon]	igong 'tunog ng sasakyán'
/o/ at /u/	[ʔa.'bog]	abog 'alikalok'	[ʔa.'bug]	abug 'dahon na gâmit pantaboy ng isda upang mahûli'
/i/ at /a/	[ʔig.'wan]	igwang 'kembot'	[ʔag.'wan]	agwang 'laro'
/u/ at /a/	[ʔyu.kob]	yukob 'nakabalot sa kumot'	[ʔya.kob]	yakob 'malalim ang pisngi'

Payis-minimal paya ja Diin

Grafema	Tono	Kahulugan
yusóng yúsong	[ju.'son] [ʔju.son]	'lusóng' 'lúsong'
bugsók búgsok	[bug.'sok] [ʔbug.sok]	'pagtatayo ng haligi' tao (tawag ng Ata sa kapuwa katutubo')
yagô yagó	[ja.'goʔ] [ja.go]	'damit na marumi' 'bulate'
pakô pakó	[pa.'koʔ] [pa.ko]	'pakpak' 'pakô' (fern)

Pares Minimal para sa Patinig

Ponema	Tunog	Grafema	Tunog	Grafema
/u/ at /i/	[ʔu.gon]	ugong 'mabilis na umiikot'	[ʔi.gon]	igong 'tunog ng sasakyán'
/o/ at /u/	[ʔa.'bog]	abog 'alikalok'	[ʔa.'bug]	abug 'dahon na gâmit pantaboy ng isda upang mahûli'
/i/ at /a/	[ʔig.'wan]	igwang 'kembot'	[ʔag.'wan]	agwang 'laro'
/u/ at /a/	[ʔyu.kob]	yukob 'nakabalot sa kumot'	[ʔya.kob]	yakob 'malalim ang pisngi'

Pares Minimal para sa Diin

Grafema	Tono	Kahulugan
yusóng yúsong	[ju.'son] [ʔju.son]	'lusóng' 'lúsong'
bugsók búgsok	[bug.'sok] [ʔbug.sok]	'pagtatayo ng haligi' tao (tawag ng Ata sa kapuwa katutubo')
yagô yagó	[ja.'goʔ] [ja.go]	'damit na marumi' 'bulate'
pakô pakó	[pa.'koʔ] [pa.ko]	'pakpak' 'pakô' (fern)

1.4. Tuyupong kay Grafema ag Ponema Sidja tii kay Katingog

Ponema	Letra ag di-letra
/b/	Bb
/d/	Dd
/g/	Gg
/h/	Hh
/k/	Kk
/l/	Ll
/m/	Mm

1.4. Tumbásan ng Grafema at Ponema Mga Katinig

Ponema	Titik at di-titik
/b/	Bb
/d/	Dd
/g/	Gg
/h/	Hh
/k/	Kk
/l/	Ll
/m/	Mm

Ponema	Letra ag di-letra
/ŋ/	NGng
/n/	Nn
/p/	Pp
/s/	Ss
/t/	Tt
/w/	Ww
/j/	Yy
/ʔ/	- ˘ ˆ

Sidja tii kay Patingog

Ponema	Letra ag di-letra
/i/	Ii
/u/	Uu
/o/	Oo
/a/	Aa

Sidja tii kabanata, kay pagsayabot-sabot it ponema kinahangyan tii tono kay Inata.

Inpakilag kanaton kay grafema it tanda gayamiton tii paya isuyat kay bayuganon kay ponema tii.

Tayandaan tii kay ponemang katingog ag patingog kay Inata isinuyat tii gayamit kay kanidja it letra, payihas ja man tii kay 1.4, yâ don yabot it impit ja tono /ʔ/ kay isinusuyat gayamit kay tuldik paiwa ag gitling, yâ don isinuyat kay pag-uyuna kay kutibas kay tuyunga it dayawhang patingog.

Ponema	Titik at di-titik
/ŋ/	NGng
/n/	Nn
/p/	Pp
/s/	Ss
/t/	Tt
/w/	Ww
/j/	Yy
/ʔ/	- ˘ ˆ

Mga Patinig

Ponema	Titik at di-titik
/i/	Ii
/u/	Uu
/o/	Oo
/a/	Aa

Sa kabanatang ito, pinag-usapan natin ang mga ponema o mahahalagang tunog sa Inata.

Inilahad din ang mga grafema o simbolong ginagamit para isulat o katawanin ang mga ponemang ito.

Tandaan na ang mga ponemang katinig at patinig sa Inata ay isinusulat gâmit ang isang partikular na titik, gaya nang makikita sa 1.4, maliban sa impit na tunog /ʔ/ na kinakatawan ng tuldik paiwa at gitling, at hindi isinusulat sa unahân ng salita at pagitan ng dalawang patinig.

2 | PAHAT AG PAYAHAT-PAHAT

Sidja tii kay pahat ja tagsaun it tono kay tagsaun ja patingog ag kayoha-patingog ag tagsaun ag damo it katingog. Kada patingog (a, e, i, o, u) ja tagsaun kay pahat; sidja tii kinahangyan tii ja kada katingog ag patingog kinahangyan tii makaubya ja pahat. Huyugan pa tii kay tagsaon kabiyog yamang it patingog ja kada pahat tuay pa ka tii maadju pa tii kay dayawha ja katingog it tagsaon kay pahat. Sidja tii pasikayan ja pa pagsuyat yâ don ja tono kay ponema. Sidja tii ja pahat ginsuguyan ka tii ja impit kay kabiyog tii ja ginsuguyan kay patingog.

2.1. Puyma it Pahat

Sidja tii ja pahat nakasuyat kay Inata kinahangyan tii kay tagsaon ja patingog, ag tagsaon ja katingog ag patingog, ag dayawha ag damo it katingog ag tagsaun ja patingog. Sidja tii ja letra K ja kayawisan kay katingog. It letra P ja kayawisan kay patingog.

Porma	Halimbawa
P	a -jam u -roy i -ya-ga
KP	ya -wit ho -jup ba -nag
PK	ig -wang
KPK	din -ay bang -ku-lo
KKPK	krab

2.2. Payahat-pahat

2.2.1. Payahat-pahat kay Katutubong Tinaga

Sidja tii payahat-pahat kay kutibas it Inata, suyundon kay pagsuyunod-sunod ja payatandaan:

2 | PANTIG AT PAGPAPANTIG

Ang pantig ay isang yunit ng tunog na binubuo ng isang patinig o kambal-patinig at isa o mahigit pang katinig. Bawat patinig (a, e, i, o, u) ay isang pantig; samantâla, kailangan ng bawat katinig ang isang patinig upang makabuo ng pantig. Dagdag pa, may isa lâ mang patinig sa bawat pantig samantalang maaaring mahigit sa dalawa ang katinig sa isang pantig. Ang mga tatalakayin sa kabanatang ito ay nakabatay sa paraan ng pagsulat sa kasalukuyan at hindi sa tunog o ponema. Sa gayon, ang mga pantig na nagsisimula sa impit o glottal stop ay ituturing na nagsisimula sa patinig.

2.1. Kayarian ng Pantig

Ang mga pantig sa nakasulat sa Inata ay maaaring isang patinig, o isang katinig at patinig, o dalawa o higit pang katinig at isang patinig. Ang titik K ay kumakatawan sa katinig. Ang titik P naman ay kumakatawan sa patinig.

Porma	Halimbawa
P	a -jam 'âso' u -roy 'asawa' i -ya-ga 'daga'
KP	ya -wit 'sabi' ho -jup 'hip' ba -nag 'susô'
PK	ig -wang 'kembot'
KPK	din -ay 'mayroon' bang -ku-lo 'pagong'
KKPK	krab 'sampu'

2.2. Pagpapantig

2.2.1. Pagpapantig ng mga Katutubong Salita

Sa pagpapantig ng mga salitang Inata, susundin ang sumusunod na tuntûnin:

2.2.1.1. Sidja tii kay payahat-pahat tii ja patingog it dayawha magsuyunod-sunod it pahat din-ay ja suyod tii kay tagsaon tinaga. Sidja tii payihas kay:

Inata
ti•is
ta•ya•hi•on
bi•al

2.2.1.2. Sidja tii kay payahat-pahat tii ja pahat it dayawha magkasuyunod-sunod ja katingog ja suyod kay tagsaon tinaga. Sidja payihas kay:

ma•ngu•sam•ku•sam
ta•mas•mas
bu•yu•nah•nah

2.2.1.1. Magkahiwalay ng pantig ang dalawang magkasunod na patinig sa loob ng isang salita. Halimbawa:

Inata	Filipino
ti•is	'ihi'
ta•ya•hi•on	'tahi'
bi•al	'sibak'

2.2.1.2. Magkahiwalay ng pantig ang dalawang magkasunod na katinig sa loob ng isang salita. Halimbawa:

ma•ngu•sam•ku•sam 'meryenda'
ta•mas•mas 'titi'
bu•yu•nah•nah 'umaga'

3 | PAGPANIGBATO JA PAGKUTIBAS

Kay Inata, sidja tii kay tagsaon it kutibas tii kay maadju pagsuyunod-sunod kay letra ja tiyingob kay tagsaon tinaga, ja pahat, akronim, nubô, inisyals, payatandaan sang agham tii.

3.1. Pahat

Pagsuyat	Pagkutibas
yâ	way-ey
tii	ti-ay-ay
bial	bi-ay-ey-el

3.2. Tinaga

Pagsuyat	Pagkutibas
aniyâ	ey-en-ay-way-ey
palagíw	pi-ey-el-ey-ji-ay-dobolyu
bitû	bi-ay-ti-yu

3.3. Akronim

Pagsuyat	Pagkutibas
NONECO (Northern Negros Cooperative)	kapital en-kapital ow-kapital en-kapital i-kapital si-kapital ow
CAIFA (Cadiz Ata Indigenous Farmers Association)	kapital si-kapital ey-kapital ay-kapital ef-kapital ey
DOLE (Department of Labor and Employment)	kapital di-kapital-ow-kapital el-kapital i

3.4. Nubô

Pagsuyat	Pagkutibas
Atty. (Attorney)	kapital ey-ti-ti-way-tuldok
Dra. (Doktora)	kapital di-ar-ey-tuldok
G. (Ginoo)	kapital ji-tuldok

3 | PAGBAYBAY NA PASALITA

Sa Inata, isa-isang binibigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ang mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, akronim, daglat, inisyals, simbolong pang-agham, atbp.

3.1. Pantig

Pagsulat	Pagbigkas
yâ ‘wala’	way-ey
tii ‘ito’	ti-ay-ay
bial ‘sibak’	bi-ay-ey-el

3.2. Salita

Pagsulat	Pagbigkas
aniyâ ‘bubuyog’	ey-en-ay-way-ey
palagiw ‘takbo’	pi-ey-el-ey-ji-ay-dobolyu
bitû ‘maliit’	bi-ay-ti-yu

3.3. Akronim

Pagsulat	Pagbigkas
NONECO (Northern Negros Cooperative)	kapital en-kapital ow-kapital en-kapital i-kapital si-kapital ow
CAIFA (Cadiz Ata Indigenous Farmers Association)	kapital si-kapital ey-kapital ay-kapital ef-kapital ey
DOLE (Department of Labor and Employment)	kapital di-kapital-ow-kapital el-kapital i

3.4. Daglat

Pagsulat	Pagbigkas
Atty. (Attorney)	kapital ey-ti-ti-way-tuldok
Dra. (Doktora)	kapital di-ar-ey-tuldok
G. (Ginoo)	kapital ji-tuldok

3.5. Inisyals

3.5.1. Sidja tii kay Oat ag Gamit

Pagsuyat	Pagkutibas
BBM (Bongbong Marcos)	kapital bi-kapital bi-kapital em
NOSP (Negros Occidental Scholarship Program)	kapital en-kapital ow-kapital es-kapital pi
DOH (Department of Health)	kapital di-kapital ow-kapital eyts
PSA (Philippine Statistics Authority)	kapital pi-kapital es-kapital ey
DA (Department of Agriculture)	kapital di-kapital ey

3.5.2. Sidja tii kay kanatong kaubanan, institusyon, yugar

Pagsuyat	Pagkutibas
DepEd (Department of Education)	kapital di-i-pi-kapital i-di
NCIP (National Commission on indigenous Peoples)	kapital en-kapital si-kapital ay-kapital pi

3.6. Sidja tii payaanggiran it pangsiyensa/pangmatematika

Pagsuyat	Pagkutibas
Fe (iron)	kapital ef-i
lb. (pound)	el-bi pintok
kg. (kilogram)	key-ji-pintok
H ₂ O (water)	kapital eyts-tu-kapital ow

3.5. Inisyals

3.5.1. Mga Tao at Bagay

Pagsulat	Pagbigkas
BBM (Bongbong Marcos)	kapital bi-kapital bi-kapital em
NOSP (Negros Occidental Scholarship Program)	kapital en-kapital ow-kapital es-kapital pi
DOH (Department of Health)	kapital di-kapital ow-kapital eyts
PSA (Philippine Statistics Authority)	kapital pi-kapital es-kapital ey
DA (Department of Agriculture)	kapital di-kapital ey

3.5.2. Mga Samahán, Institusyon, Pook

Pagsulat	Pagbigkas
DepEd (Department of Education)	kapital di-i-pi-kapital i-di
NCIP (National Commission on indigenous Peoples)	kapital en-kapital si-kapital ay-kapital pi

3.6. Mga simbolong pang-agham/pangmatematika

Pagsulat	Pagbigkas
Fe (iron)	kapital ef-i
lb. (pound)	el-bi tuldok
kg. (kilogram)	key-ji-tuldok
H ₂ O (water)	kapital eyts-tu-kapital ow

4 | PAGPANIGBATO IT PAGSUYAT

4.1. Gayamiton kay letra Jj

Kay tono [dz] it katutubo kay wikang Inata. Sidja tii letra gayamiton kay tono Jj.

4.1.1 Sidja tii kina ija kay it tono Jj

jai
jarayin
jan-ay
jan-ayin
malajag
pijas
kajawkaw

4.1.2. Distii Jj kay Inata it Yy kay Filipino, Hiligaynon, ag Sebwano ja inja pagsuyugod it pahat.

Filipino	Hiligaynon	Inata
hayop/hayupan		hajop/hajupan
	babaye	babaji
buwaya		buaja
	ayam	ajam
kabayo		kabajo
	kalayo	kalajo
bagyo		badju
	maayo	maajo
	kaninyo	kaninjo
bayaw		badjaw
	maluya	maluja
hawakan	uyatan	ujatan
hindi	ayaw	ajaw
	bayad	bajad
benta/ipagbili	baligya	bayigja
	huyop	hujop
	humayan	humajan

4 | PAGBAYBAY NA PASULAT

4.1. Gámit ng titik na Jj

Ang tunog na [dz] ay katutubo sa wikang Inata. Ang titik na ginagamit para sa tunog na ito ay Jj.

4.1.1 Katutubong termino na may tunog Jj

jai ‘iyan’
jarayin ‘nandito na sa akin’
jan-ay ‘doon’
jan-ayin ‘nandoon na’
malajag ‘sanggol’
pijas ‘batá’
kajawkaw ‘alimango,’ ‘alimasag,’ ‘talangka’

4.1.2. Nagiging Jj sa Inata ang Yy sa Filipino, Hiligaynon, at Sebwano na nasa simula ng pantig.

Filipino	Hiligaynon	Inata
hayop/hayupan		hajop/hajupan
	babaye	babaji
buwaya		buaja
	ayam	ajam
kabayo		kabajo
	kalayo	kalajo
bagyo		badju
	maayo	maajo
	kaninyo	kaninjo
bayaw		badjaw
	maluya	maluja
hawakan	uyatan	ujatan
hindi	ayaw	ajaw
	bayad	bajad
benta/ipagbili	baligya	bayigja
	huyop	hujop
	humayan	humajan

Filipino	Hiligaynon	Inata
	buyo	bujo
	siya	sija

4.1.3. Distii Jj kay Inata it Ll kay Filipino, Hiligaynon, ag Sebwan

Filipino	Hiligaynon	Inata
	adlaw	adjaw
nawala		nawaja

4.2. Gayamit kay ta wayo it huyam ja letra

Kay pormal ja pagsuyat it Inata injang pangayan it hustoyin kay oat, ja yugar, it huyam na tinaga, gayamiton tii kay ta wayo (8) huyam it letra. Sidja tii letra Cc, Ee, Ff, Ññ, Qq, Vv, Xx, ag Zz. Gayamiton tii kay pagsuyat it hustoyin kay pangayan kay oat, ja yugar, sidja tii tinaga ya it bag-o kay hustoyin pagbaybay kay dayion siyentipiko at teknikal.

4.2.1. Hustoyin kay ngayan it oat ja yugar

Ngayan kay Oat	Yugar
Alex	Cadiz
Consing	Capiz
Christian	Quezon
Edgar	Zambales
Emilliano	
Emily	
Ecogan	
Francisco	
Niño	
Vivian	

4.2.2. Kay huyam it tinaga. Sidja tii payihas kay

calculator
folder
flower vase
quarterly
x-ray

Filipino	Hiligaynon	Inata
	buyo	bujo
	siya	sija

4.1.3. Nagiging Jj sa Inata ang Ll sa Filipino, Hiligaynon, at Sebwan

Filipino	Hiligaynon	Inata
	adlaw	adjaw
nawala		nawaja

4.2. Gámit ng Walong (8) Hiram na Titik

Sa pormal na pagsulat sa Inata ng mga tiyak na ngalan ng tao o lugar at mga hiram na salita, gagamitin ang walong (8) hiram na titik. Ang mga titik na ito ay Cc, Ee, Ff, Ññ, Qq, Vv, Xx, Zz. Ginagamit ang mga ito sa pagsusulat ng mga tiyak na pangalan ng tao at lugar, ng mga salitang hindi binabago ang tamang pagbabaybay at mga katawagang siyentipiko at teknikal.

4.2.1. Tiyak na ngalan ng tao o lugar

Ngalan ng Tao	Lugar
Alex	Cadiz
Consing	Capiz
Christian	Quezon
Edgar	Zambales
Emilliano	
Emily	
Ecogan	
Francisco	
Niño	
Vivian	

4.2.2. Hiram na salita sa mga banyagang wika

calculator
folder
flower vase
quarterly
x-ray

4.2.3. Dayion kay siyentipiko ag teknikal

zinc
calcium
quartz

4.2.3. Katawagang siyentipiko at teknikal

zinc
calcium
quartz

5 | DIGRAWPONG NGNG

Sidja tii kay ponema /ŋ/ nakasuyat tii it gayamiton kay digrapong NGng kay Inata. Sidja tii parehas kay:

ayeb**ang**bang
patik**ong**
y**ang**gam
dayu**ng**gan
pis**ngi**
a**ng**as

5 | DIGRAPONG NGNG

Ang ponemang /ŋ/ ay isinusulat gâmit ang digrapong NGng sa Inata. Halimbawa:

ayeb**ang**bang ‘paruparo’
patik**ong** ‘lakad’
y**ang**gam ‘ibon’
dayu**ng**gan ‘tainga’
pis**ngi** ‘pisngi’
a**ng**as ‘noo’

6 | DIPTONGGO

Sidja tii kayoha-patingog it AW. Sidja tii tinaga din-ay kay inisyal, kay tuyunga, kay insakto tii it diptonggo /aw/ it kinutibasan ja **AW** ya yabot kay AO. Sidja tii payihas kay:

yang**aw**
bad**jaw**
aj**aw**
kayimot**aw**
bayang**aw**

6 | DIPTONGGO

Kambal-patinig na AW. Mga salitáng may inisyal, midyal, at pinal na diptonggo na /aw/ ay binabaybay ng **AW** at hindi AO. Halimbawa:

yang**aw** ‘langaw’
bad**jaw** ‘bayaw’
aj**aw** ‘hindi’
kayimot**aw** ‘kalimutaw’ o ‘itim na bilóg sa mata’
bayang**aw** ‘bahaghari’

7 | PAG-IYIS JA TONO

7.1. Iyisan sidja tii Oo kay Uu

Sidja salitang ugat isinuyat tii kay Oo sidja tii iyisan mahimo tii it Uu. Sidja tii payihas kay:

dam-oy	—dam-uyan
mangno	—mamangnuan
tayapo	—tayapuhan
dayamgo	—dayamguhanon
	—nadamguhan
yubong	—yubungan

7.2. Distii Yy kay Inata it Ll kay Filipino, Hiligaynon, ag Sebwano distuay kay uyuna ag uyahi it pahat.

Filipino	Hiligaynon	Inata
lalaki	lalaki	yayaki
uling		uying
daan	dalan	dayan
benta/ipagbili	baligya	bayigja
mahal (presyo)		mahay
ilibing	ilubong	iyubong
mahirap	malisod	mayisod
hukay, humukay	kalutan	kayutan
	hulat	huyat
	lusong	yusong
	hal-o	hay-o
	kalo	kayo
	ngalan	ngayan
uwi	uli (Sebwano)	uyi
	puli (Hiligaynon)	
silong		siyong
	bungol	nabungoy

7 | PALÍTAN NG TUNOG

7.1. Palítan ng Oo at Uu

Kapag ang salitáng-ugat ay nagtatapos sa Oo, ito ay nagiging Uu kapag hinuhulapian. Halimbawa:

dam-oy	—dam-uyan	‘pagbabanlaw ng kaunting tubig’
mangno	—mamangnuan	‘maláman’
tayapo	—tayapuhan	‘punasan’
dayamgo	—dayamguhanon	‘napanaginipan’
	—nadamguhan	‘nanaginip’
yubong	—yubungan	‘libingan’

7.2. Nagiging Yy sa Inata ang Ll sa Filipino, Hiligaynon, at Sebwano na nása simula at hulihan ng pantig.

Filipino	Hiligaynon	Inata
lalaki	lalaki	yayaki
uling		uying
daan	dalan	dayan
benta/ipagbili	baligya	bayigja
mahal (presyo)		mahay
ilibing	ilubong	iyubong
mahirap	malisod	mayisod
hukay, humukay	kalutan	kayutan
	hulat	huyat
	lusong	yusong
	hal-o	hay-o
	kalo	kayo
	ngalan	ngayan
uwi	uli (Sebwano)	uyi
	puli (Hiligaynon)	
silong		siyong

Filipino	Hiligaynon	Inata
	bulag	buyag
	palad	payad
	dulum	duyum
	dalunggan	dayunggan
	pilokpilok	piyokpiyok
	liog	yiog
	tagpila	tagpiya
	lagsaw	yagsaw
	taklong	takyong
	langgam	yanggam
	linta	yinta

Filipino	Hiligaynon	Inata
	bungol	nabungoy
	bulag	buyag
	palad	payad
	dulum	duyum
	dalunggan	dayunggan
	pilokpilok	piyokpiyok
	liog	yiog
	tagpila	tagpiya
	lagsaw	yagsaw
	taklong	takyong
	langgam	yanggam
	linta	yinta

8 | SIDJA TII PAGGAYAMIT KAY TULDIK

Kay Inata, sidja tii paggayamit kay tuldik, ta tuyo tii it tuldik: takiyid (ˈ), paiwa (ˈ) ag sunok (ˈ), gayamiton tii sidja tuldik it kayawasan kay tuldik tii kay impit ja tingog.

8.1. Tuldik takiyid (ˈ)

Sidja tii tuldik takiyid isang-at din-ay kay patingog ja pahat sija tii diin ya yabot impit ja tingog.

Gayamiton distii tinaga kay pagkutibas kay mayuyo. Sidja tii payihas kay:

maáju
garányon

Gayamiton distii tinaga kay pagkutibas kay hinuyusog. Sidja tii payihas kay:

sapót
kansiyón

8.2. Tuldik paiwa (ˈ)

Kay tuldik paiwa, sidja tii isang-at din-ay kay patingog ja pahat it tayapuson tii kay impit ja tono sidja tii kay yâ diin. Kinutibas tii kay letra it tungli. Sidja tii payihas kay:

aniyà
tubò

8 | PAGGAMIT NG MGA TULDIK

Sa Inata, gumagamit ng tatlong tuldik: pahilis (ˈ), paiwa (ˈ), at pakupya (ˈ). Ginagamit ang mga tuldik para katawanin ang diin at impit na tunog.

8.1. Tuldik pahilis (ˈ)

Ang tuldik pahilis ay inilalagay sa itaas ng patinig ng pantig na may diin na walang kasámang impit na tunog o glottal stop.

Ginagamit din ito para sa mga salitáng binibigkas nang malumay. Halimbawa:

maáju ‘mabuti’
garányon ‘malaki’

Ginagamit din ito para sa mga salitáng binibigkas nang mabilis. Halimbawa:

sapót ‘damit’
kansiyón ‘awit’

8.2. Tuldik Paiwa (ˈ)

Ang tuldik paiwa ay inilalagay sa itaas ng patinig ng pantig na nagtatapos sa impit na tunog pero walang diin. Binibigkas ang mga salitáng ito nang malumi. Halimbawa:

aniyà ‘bubuyog’
tubò ‘uri ng kabute na kulay puti na tumutubo sa basang kahoy’

8.3. Tuldik Sunok (^)

Kay tuldik sunok, sidja tii isang-at din-ay kay patingog ja pahat sidja payihas tii tayapuson it impit kay tono sidja tii kay diin. Kinutibas tii kay letra it sunok. Sidja tii payihas kay:

bitû
sapâ
tayûtô
aniyâ
amâ
inâ

8.3. Tuldik Pakupya (^)

Ang tuldik pakupya ay inilalagay sa itaas ng patinig ng pantig na kapuwa nagtatapos sa impit na tunog at may diin. Binibigkas ang mga salitang ito nang maragsa. Halimbawa:

bitû 'maliit'
sapâ 'ilog'
tayûtô 'butiki'
aniyâ 'pulot'
amâ 'ama'
inâ 'ina'

9 | GAYAMITON TII KAY PURONG

Kay gayamiton tii, nagkayain-yain sidja tii pamaagi kay Inata. Kilagan tii it sumuyunod-sunod kay sidja tii payihas it din-ay kay iyayom:

9.1. Sidja tii kay tuyunga it suyit-suyit tii kay letra it panlapi tii o waya. Sidja tii payihas kay:

mangusam-kusam
mangusim-kusim
hudjung-hudjungan
bagsang-bagsang

9.2. Kay pagpayahat-pahat tii it katingog ag patingog. Gayamiton tii kay gitling sidja tii payahat-pahaton tii it patingog, natapuson tii it katingog, sidja ti suyunod na pahat kay yusong it patingog kinahangyang mapayikaw it pagtayang. Sidja tii payihas kay:

yab-as
dam-oy
din-ay

9 | GÁMIT NG GITLING

Ang gitling ay ginagamit sa iba-ibang paraan sa Inata. Tingnan ang sumusunod na halimbawa sa ibaba:

9.1. Sa pagitan ng mga inuulit na salita, may panlapi man o wala. Halimbawa:

mangusam-kusam ‘kumakain habang naglalakad’ ‘meryenda’
mangusim-kusim ‘kumakain’
hudjung-hudjungan ‘tulugán’
bagsang-bagsang ‘kembot-kembot’

9.2. Sa Paghiwalay ng Katinig at Patinig. Ginagamit ang gitling upang ihiwalay ang pantig na nagtatapos sa katinig at ang kasunod na pantig na nag-uumpisa sa patinig, o kailangan lang umiwas sa pagkalito. Halimbawa:

yab-as ‘isda’
dam-oy ‘hugas’
din-ay ‘mayroon’

KASAYSAYAN TA HINAMBAYAN KAY INATA

Inja tii Inata ja orihinal tii hinambayan ja Ata. Nakilagan tii inja Poluy-anon ja nagkaija-ija tiing Yugar ja Negros Occidental. Inja gananyon tii poluy-anon distu-ay ja Sityo MananaBrgy. Custino, Villacin, Cadiz City, Negros Occidental Irija tii kauban ja poluy-anon makilagan tii ja Sityo Hydro Ata Village Brgy. Puey Sagay City, Sityo Las Piñas, Brgy.Minapasok Calatrava, Sityo Dahonan, ag Brgy. Bagong Silang, Don Salvador Benidicto.

Tagsaon tii hinambayan ja Inata waya ja permi natuyun-anon ag na dokumento ja hinambayan ja biyog tiing Pilipinas. Ja mhimo tii pagtuyun-ano inja tii ja KWF Kaniadtong 2015, inkomperma tii ja kaniyang hinambayan mi tu-ay tii sito-asyon inja deyekado jai mawaya. Waya ja tii inkutibas inja kay kanija katiguyangan adjaw adjaw tii pangpangabuhì ja poluy-anon. Ka ajai waya inja namangnu-an injang kapijasan ja inja tii kaniyang ingamit .

Ja tuig 2022, inbalikon usab inja KWF ja Sityo Manara paya tii ipahimangno ag pangaju-on tii ja pagsugugot jai kay poluy-anon paya tii ja pagtuyukodon usab ka jai tagsaon programa tii ja hinambayan mi tu-ay tii handom inja balikon usab mabakodon jai ja hinambayan tii ja Inata. Distu-ay tii ja programa Pajag Pajag kay Hinambayan ag Guyas Katiguyang Hinambayan ja pagtuyun-anon jai programa. Ja inhatag tii ja poluy-anon tiing pahanugot insuguyan tii ja nagka ija-ija tii ha buyuhaton kaangtan tii ja programa. Upod ka inja pagbalay tii ja Ortograpiya ja Hinambayan ja Inata, inja tii tayamdang kay pagsuyat ti kay Hinambayan.

Kaniadto pa tii inja October 2023 inhimo tii ja uyunang hinimu-an paya tii ja pagbalay tii ja magkaija-ija tiing katapo inja poluy-anon, ja tii inja katiguyangan ag kapijasan. Mi tu-ay linat ja dayaw ha tii hinimu-an kaniadto Apri; 2024 paya tii pag-ajo inja ja oban tii tayamdang inja kabanata. Ag kaniadtong Hunyo 2024 inhimo tii inja konsultasyon ag inpakilag tii inja aporma ja Ortograpiya in poluy-anon.

PAGBUO NG ORTOGRAPIYA NG INATA

Ang Inata ay ang katutubong wika ng mga Ata. Matatagpuan ang kanilang mga komunidad sa iba't ibang bayan ng Negros Occidental. Ang pinakamalaking komunidad ay nása Sityo Manara, Brgy. Celestino Villacin, Negros Occidental. Ang iba pang komunidad ay matatagpuan sa Sityo Hidro, Brgy. Puey, Lungsod Sagay; Sityo Las Piñas, Brgy. Minapasok, Calatrava; Sityo Dahunan, at Brgy. Bagong Silang, Salvador Benedicto.

Isa ang wikang Inata sa mga hindi masyadong naaaral at naiddokumentado na wika sa buong Pilipinas. Sa isinagawang pag-aaral ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2015, nakumpirma na ang kanilang wika ay nása kalagayang nanganganib nang mawala. Hindi na ito sinasalita ng mga magulang sa pang-araw-araw na pamumuhay sa komunidad. Kayâ hindi na rin ito natututuhan ng mga batà bílang kanilang unang wika, sa halip ay Hiligaynon o Sebwano na ang kanilang ginagamit.

Taóng 2022 naman nang bumalik ang KWF sa Sityo Manara upang ipabatid at hingin ang pahintulot ng komunidad para sa paglulunsad ng isang programang pangwika may layuning muling mapasigla ang wikang Inata. Ito ang programang Bahay-Wika at Master-Apprentice Language Learning Program. Nang ibinigay ng komunidad ang pahintulot ay sinumulan na ang iba't ibang gawain kaugnay ng programa. Kabilang dito ang pagbuo ng ortograpiya ng wikang Inata na magiging tuntúnin sa pagsulat ng wikang Inata.

Noong Oktubre 2023 isinagawa ang unang workshop para sa pagbuo ng ortograpiya ng Inata sa komunidad ng Sityo Manara. Nilahukan ang iba't ibang miyembro ng komunidad ang nasabing workshop gaya ng mga elder, mga lider, mga guro na Inata sa komunidad, ilang mga magulang at kabataan. Nagkaroon muli ng pangalawang workshop noong Abril 2024 para sa pagsasaayos ng iba pang tuntúnin sa mga kabanata. At noong Hunyo 2024 ay isinagawa ang konsultasyon sa komunidad at pagsasapinal ng ortograpiya.

ANG MGA BUMUO NG ORTOGRAPIYA NG INATA

MGA KONSULTANT SA WIKA

Susana Barbon
Liliosa Consing
Anita Samson
Adelaida Barbon
Rogelio Consing
Gonzalo Consing
Emiliano Barbon
Garry Consing

MGA MANUNULAT

Madelyn Bodoso
Analle Blancaflor
Marebel P. Beldla

IBA PANG KASÁMA SA WORKSHOP AT KONSULTASYON

Mary Rose Bañas
Reneboy Francisco
Rudy Blancaflor
Ma. Fe Panggubasan
Estelita Blancaflor
Juditha Consing
Belly Panggubasan
Riza Panggubasan
Joelito Mahinay
Nenen Malinao
Andrea Deita
Analie Deita
Ronilo Cervantes
Benjie Consing

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER

Arthur P. Casanova, PhD

Tagapangulo
Komisyoner sa Wikang Tagalog

Carmelita C. Abdurahman, EdD

Fultaym Komisyoner para sa Programang Proyekto
Komisyoner sa Wikang Waray

Benjamin M. Mendillo, Jr., PhD

Fultaym Komisyoner para sa Pananalapi at Programa
Komisyoner sa Wikang Ilokano

Hope S. Yu, PhD

Komisyoner sa Wikang Sebwano

Jesus C. Insilada, EdD

Komisyoner sa Wikang Hiligaynon

Reggie O. Cruz, EdD, PhD

Komisyoner sa Wikang Kapampangan

Christian T.N. Aguado, PhD

Komisyoner para sa mga Wika ng Katimugang Pamayanang
Kultural

Melchor E. Orpilla, PhD

Komisyoner sa Wikang Pangasinan

Atty. Marites A. Barrios-Taran

Direktor IV

SANGAY NG LINGGUWISTIKA AT APLIKADONG LINGGUWISTIKA

Lourdes Z. Hinampas
Jeslie D. Luza
Earvin Christian T. Pelagio
Jennifer S. Bactol
Christian D.S. Nayles

MGA BATAYANG SALITA PARA SA BATA

Filipino	Inata
isa	Isang kínay*/ tagsáon
dalawa	dayáwhang kínay*/ dayáwha
tatlo	katuyóng kínay*/ makatuyó
apat	taápat kínay*/ taápat
lima	yimáng kínay/tayimá
anim	taánom/kombo-kombó
pito	tapitó/Manugbó
walo	tawayó/sampurádo
siyam	tasiyam/kabikyáw
sampu	krab*/Tanapuyò
dalawampu	dayáwha ka napuyò
lahat	---
wala	wajā
sandaan	---
---	tagsaon ka bató
libo	--
isang libo	tanapuyò ka bató
hayop	hājop
paniki	kabóg
maliit na paniki	kuyambóg
ibon	yanggām
baboy damo	bakatín
inahin	babají na manaól
tandang	súyog na manaól
sisiw, inakay	yínghód na manaól
alimango, alimasag, talangka	kajawkáw

Filipino	Inata
buwaya	buāja
butiki	tayûtô
unggoy	Suranggót
uwak	uwák
aso	ajám
pato, bibe	---
isda	yab-ás
linta	yintâ
bulate	yagó
bulate na nakukuha sa gilid ng ilog	ayayagsíng
daga, bubwit	iyagâ
baboy	kanátung hajúpan
ígat	uyíg
ahas	mahabà
butete	Uyók-uyók
pagong	bangkulô
pusa, kuting	kuríng/ kutê
butingting	kutí-kutî
may hinahanap	kajáw-kajáw
kambing	kandíng
báka, guya	anuwáng
kabayo	kabajò
kalabaw	anuwáng
palaka	payakâ
talaba	tayabá
súso	takyóng
susô (na kinakain)	banág

Filipino	Inata
balahibo	bayahíbo
pakpak	pakô
buntot	íkog
kuliglig	siyóm-siyóm
langgam na itim	suyóm
langgam na nása lupa (pulá)	hamígas
alitaptap	aninípot
bubuyog	bujóg
paruparo	ayibangbáng
ipis	tánga
garapata	bitík
kuto	kuslád
gagamba	damáng
lamok	yamók
kitikiti	pitík-pitík
tipaklong	tibakyâ
langaw	yángaw
anay	ánay
hangin	hângin
tubig	túbig
apoy	kalájo
daigdig	kayibútan
lupa	dutà
yungib	yangúb
ulap	ayapúop
kalangitan	yangít
buwan	búyan
kabilugan ng buwan	nagbiyugón ja búyan
bituin	bitúon

Filipino	Inata
araw	adjâw
silangan	sídjangán
timog	---
hilaga	---
kanluran	---
bundok	kaguyáangan
burol	bungsód
lambak	mahanáyak
talampas	---
tuktók	putók-putukán
bangin	pil-ás
bukid	kaguyáangan
putik	maigsák
buhangin	bayás
dagat	dâgat
ilog	sapâ
lawa	lúyong
talón	busáy
kidlat	paninimtím/ kilánun
kulog	kayundóg
bagyo	bagjú
bahá	madáyum ja túbig
ginto	buyáwan
pugad	pugayán
bato	bató
gabi	kasisidmón
Magandang gabi sa inyo	Maâjong kasisidmón kanínjo
umaga	buyonahnah
hapon	kahapunánon

Filipino	Inata
madaling araw	ágayín
bukangliwayway	nisiyakun ja adjáw 'sumikat na ang araw'
dapithapon	"nagsayupon ja adjáw 'lumubog na ang araw'
ulan	uyân
bahaghari	bayangáw
kabibe	tokíba
asin	panímpla
prutas	puyótas
damo	hiyamón
dahon	dáhon
ugat	gamót
tinik	dúgi
punò	káhoy
kahoy	káhoy
pansiga, panggatong	padúkot
usok	asó
sanga	sánga
bulaklak	búyak
halaman, tanim	panisúk-tísók
anino	yandóng
pamílya	pamílya
amá	amâ
ina	inâ
asawa	uróy
kuya	maguyáng nga yayáki
binata (para sa hayop)	lantód
ate	maguyáng nga babáji
bayaw	badjáw

Filipino	Inata
hipag	badjáw
manugang	binaláyí
pamangkin	hinabyós
laláki	yayakí
babae	babáji
batang babae	pijás nga babají
batang laláki	pijás nga yayakí
anak	pijás
kapatid	uyutód
biyenan	ugáangan
kaaway	--
matanda, nakatatanda	Gúyas
tao	óat
sambahayan	---
balo	bâyo
kaibigan	sagábay
lutò	yutò
palayok	---
habi	tugalbô
lála	lála
baníg	baníg
tahî	Tugalbô
karâyom	dágum
kúmot	hâbuy
únan	uyúnan
salawal	---
bahág	bahág
labá, máglaba	yubyób
lúbid	pisì

Filipino	Inata
malayô	hayajô
kánan	tuó
kaliwâ	wayá
makítid, makípot	bitô nga dayan 'maliit na daan'
maluwáng	---
malálim	madáyum
mababâ	manubô
maiklî	---
mahabâ	hayabâ
derétso, tuwíd	tádyong
gálit	yágot
nahiyâ	maiyók
iyák, umiyák	tángis
tákot	nahasì
lungkót	subô
húlog	húyog
tawá, tumáwa	taswák, kataswák
masáya	nalgà
akyât, umakyât	katkât
hiláhin	---
itúlak	tikyód
takbô	palagíw
bilís, mabilís	hingúyusóg
lákad/maglakád	tikóng/patikóng
íkot	bújong
tayô	tuyaróg (matagal na nakatayo-steady)
tumayô	mamayog-bayog
umalís	pugwát

Filipino	Inata
bângon	bayukád
upô, umupô	puyúngko
upo na nakayuko at nakabaluktot ang katawan	puyúk-ong
napahiyâ	kujumô
itsá, hágis	balibág
kasáma	uyúban
pigsâ	---
ubó	húkat
nagsuká, súka	digwâak
páwis	bayhás
ágos	dagánas
langóy, lumangóy	yangóy
basâ	tupsíng
tuyô	mayá
kulô	ayindakál
maligò	payígos
mabangô	pangalímyun
kuskós	kusô-kusô
kínis, makínis	masidják
pigâ, pigáin	yúbag, yubágan
húgas/naghúgas	dam-óy, dam-óyan
páhid, punásan	tayapúhan
trapo	tayápo
marumí	kaisô
masamá	---
kagát	ínkagát
súnog, sunúgin	---
hiwà, magputól	gúyot

Filipino	Inata
sipáin	tíndakân
kalmutín	kámos
nákaw, magnákaw	kawtî
lakás, malakás	hingusóg
mahinà	malúja
tálas, matálas	tayúm, matayúm
kalúban, suksúkan	tagób
sibák	bíal
saksák, saksakín	bogsík
pútol	tigbás
mapuról	umál
panagínip	dayámguhánon
makalímot	nayimtán
tandaán	dumdóm
alám	mangnó
kilála	kaíya
matutúhan	mangnó, mamangnúân
maglarô, laruín	ayagwáng
matúlog	túyog
gisíng	buyúgtaw
hawákan	ujátan
sábi	yawít
sagót	sagatsát
táwag,tawágin	dayî,dayiôn
óo	uuyón
hindî	ajâw
úling	úying
alíkabók	abóg
lindól	ujóg

Filipino	Inata
daân	dâyan
bâyad	bâjad
ibénta, ipagbilí	bayigjâ
bilí, bumilí	bakáy
útang	útang
maralita, mahirap	---
mayáman	--
mapera	ikúyan
pera	íkóy
múra	bayáto
mahâl (na presyo)	mahây
ibigay	wáslíkí
malakí	garanyón
íhip, híhip	hojúp
hiningá	ginháwa
ilibíng	iyubóng
Binalot ng dahon ang patay pero hindi nilibíng sa lupa sa halip ay isinabit sa punò	bubuósan
mahírap	mayisód
hukáy, humúkay	káyot, kayútan
mabúti/mabaít	maâjo
matigás	magahî
nawalâ	nawajâ
bâgo	bag-ó
lumà	pay-ók
ibá	--
singsíng	--
alahas, palamuti	pangaranyás

Filipino	Inata
malíít	bítû
díkít, dumikít	piyít,
sumúso	pasúso
luhà	matángís
talì, tinalì	tágik, tagíkà
hintay, maghintáy	huyát, huyatá
talì	tágik
bílang, magbiláng	ísip, isípa
kutsaron, sandok	sugkáy
lumunok, nilunok	tuyón
kain, kumain	kosím, mangosím-kosím
kumakain-kain habang naglalakad	mangúsam-kúsam
itlog	ityóg
salt	panímpla
kamote	kamóte
karne	karné
sabaw	sabáw
almusal	kosím
hapunan, gabihan	kosím
tanghalian	kosím
meryenda	kosím
pulót	dugós
maasim	makisóm
matamis	manámit
mapait	maáyan
busog	bandáng
gútom	guslâ
inumín	Mayumyóm, yumyóm 'inom', yumyumón

Filipino	Inata
úhaw	magalhâ
alak	---
bulok, nabubulok	haghág, nahaghág
niyog	yahíng
búko	butóng
luya	luy-á
bawang	áhos
dahon ng balagon (vine)	maláwmaw
Wild-bulaklak na maasim	mangpángon
Wild na dahon na maasim	bitúka
Wild na dahon na maasim tulad sa batwan	lábog
sibuyas	sibújas
nipa	---
lusong	yusóng
pambayo	hay-ó
magbayo	bajó
ipa	yâbhang
bigas	bugróng
kanin	dayumì
palay	humáy
palayan	humajân
tubó	tubó
kaingin	sagubsób
balât ng punò	pânit
buto	uyás (beans)
saging	ságing
yantok	uwáy

Filipino	Inata
abaka	abaká
bulak	gápas
talong	tayóng
ngangâ	mayám-an
bunga ng ngangâ	búnga
ikmo	bujò
apog	ápog
pana	tambajáw
abo	abó
palakol	parakol
basket	---
yuko, yumuko	tungók
tulay	lataján
walis	payumpóng
hawla, kulungan	kuyóng
suklay	kayós
pangalan	ngáyan
bakod	kurâl
lambat	sarâp
libingan	yuyubngán
duyan	đujan
sombrero	kayò
bâga	mapuyá
bahay	pajâg
kubo	puyupúgan
kutsilyo	tangsô
amoy	bujók
panís	đugbák
salita	--

Filipino	Inata
wika	---
sakit	---
aray	agí
bubong	sámpong
awit, umáwit	kansyón, nagkansyón
awit, kanta	ajáwit
sibat	budhî
hagdan	lataján
pamaypay	kajâb
kuwento	---
kati	katóy
uwi, umuwi	uyî, pauyî
mabuhay	mabuhî
sahig	sayóg
sílong	síyong
manahan, tumira	kuyubân
init, mainit	maínit
patay	kusá
mamatáy	kusâhos
payat	magawót
gamot	buyóng
maysakit	maráót
bingi	bungóy
bulag	buyág
dumumi, tumae	ígít 'tae' nangígít 'tumae'
ipot, dumi	híníbos
ihi	tiís
dumura	tayuthó
balsa	balsá

Filipino	Inata
sagwan, pansagwan	bugsáy
katawan	kayawísan
bukung-bukong	bungkóy
kamay	kamumúo
daliri	kayamás
hitâ	budjông
paa	gutád
sakong	kitín
talampakan	yapâyapâ
tuhod	túhod
daliri ng paa	kuyamóy
	kayamás
kuko	---
puwerta, puki	hâgod
titi	tamasmás
bayag	tábon
tamod	búras/agwít/túyos
tumbong	kíkiyúman
pigi	kiyóp
(cleavage ng puwet)	kígól
balikat	abâga
palad	pâyad
daliri	kayamás
siko	híko
braso	buktón
dipa	--
kamay	kayamás
dangkal	dângaw
dibdib	duyoghán

Filipino	Inata
súso	súso
likod	kayubkób
tiyan	tinisdák
puso	kásingkásing
bituka	hiníbos
malaking bituka	udyúngon
atay	atáy
baga	bagâ
tadyang	gúsok
ugat	ugát
dugo	dugô
buto	bukóg
taba	garanyón
ulo	bagól
buhok	buhók
balahibo	balúkag
utak	burók
mukha	buyubúot
noo	ángas
pisngi	pisngí
babâ	suyáng
bibig	bâbâ
lower lip	ngâbil
upper lip	simód
labi	---
dila	---
bayawak	dílâm
ngipin	inúgkiyitkít
tainga	dayúnggan

Filipino	Inata
mata	kayímutâw
kilay	kukulatón
pilikmata	piyókpiyók
ilong	íyóng
leeg	yíog
lalamunan	bubunyán
balát	pánit
bálat	ílá
pilat / pekrat	kagíd
magkano	tágpiyá
ilan	piyá
paano	unsaon
kailan	san-o
sino	sin-oyín
ano	unsayín
saan	hainón
bakit	ngâa
dito	dihna
alin	hainón
ako	akó
ikaw	sidjá
táyo	kitá
siyá	sidjá
kitá	kitá
silá	silayín
kulay	---
pulá	puyá
putî	putâ
itim	itâm

Filipino	Inata
bughaw	---
dilaw	---
luntian	---

APENDIKS

PAGSUYAT TII IT TULDIK

1. Ja Hinambayan it kompyuter kinahanyan tii nabagayon tii ja **Ingles (United States)**
United States- International keyboard
2. Century Gothic o Alfabeto ja nagajadapat tii it font paya inja kay tuyudju-an ja kinder asta tii ja tatuto antas.
3. Sundton tii ja sumuyunod ja instruksiyon paya makasuyat it tuldik ja mataason it Katingog ag Patingog na mi tu-ay tuldik.

Gustuyin tii makilagan	Uyuna tublukon	Suyunod tublukon	Gwa
3. a Hainon tii Kunla it diin	' (Apostrophe Key)	Letra tii diniinang Patingog	â, é, í, ó, ú
3. b Impit it talimoy moy Kay kunla o pagkutibas	` (grave accent)	Letra tii diniinang Patingog	à, è, ì, ò, ù
3. c Kunla jai nagtapuson it impit tii mi tu-ay diin	^ (SHIFT 6; Circumflex Key)	Letra tii diniinang Patingog	â, ê, î, ô, û
3. d Schwa (ə)	"" (quotation mark)	Letra e	ë

1. Seguyado jai payehas it font jai letra ag tuldik paya tii mabutang it maajo ja tuldik kudlit-mahabog. Itugyan tii it gayamiton ja font type na Arial at/ o Tahoma.
2. Inja tii libro o materyales paya jai kay pijas itugyan tii it gayamiton jai it font na Century Gothic paya ja letra. Inja kombinasyon ka jai fonmt dis tii ja pinakamaajo it gayamiton tii ja pagtudyu it babasahan kay piyas.

APENDIKS

PAGSUSULAT NG TULDIK

1. Ang Lenguwahe ng computer ay dapat naka-set sa:
English (United States)
United –States-International Keyboard
2. Century Gothic o Alfabeto ang angkop na font para sa mga mag-aaral sa Kinder hanggang sa ikatlong antas.
3. Sundin ang sumusunod na panuto upang makasulat ng tuldik sa itaas ng katinig at patinig na may tuldik:

Nais maipakita	Unang Pindutin	Sunod na Pindutin	Kinalabasan
3. a Aling pantig na may diin	' (Apostrophe Key)	Titik ng diniinang patinig	â, é, í, ó, ú
3. b Impit sa dulo ng pantig o salita	` (grave accent)	Titik ng diniinang patinig	à, è, ì, ò, ù
3. c Pantig na nagtatapos sa impit ay may diin	^ (SHIFT 6; Circumflex Key)	Titik ng diniinang patinig	â, ê, î, ô, û
3. d Schwa (ə)	"" (quotation mark)	Titik e	ë

1. Tiyaking parehas ang font ng titik at tuldik para mailagay nang maayos ang tuldik kuwit-taas. Mungkahing gamitin ang font type na Ariel at/o Tahoma.
2. Sa mga libro o materyales para sa mga batà, mungkahing gamitin ang font na Century Gothic para sa titik, at Calibri naman para sa arko. Ang kombinasyon ng mga font na ito ang pinakamainam na gamitin sa pagtuturò.



Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 52-9
Serye 2024

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA ORTOGRAPIYANG INATA

SAPAGKAT, alinsunod sa Batas Republika Blg. 7104, s. 1991, upang magpatupad ng patakaran ng Estado sa pagtitiyak at pagtataguyod ng patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng mga wika ng Pilipinas;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng Seksiyon 14 ng Batas Republika Blg. 7104, s. 1991 ang sumusunod na mga responsibilidad ng KWF:

(d) Magpanukala ng mga patnubay at istandard para sa mga anyuling lingguwistiko at pagpapahayag sa lahat ng opisyal na komunikasyon, publikasyon, tekstuk, at iba pang materyales sa pagbasa at pagtuturo;

(e) Hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Pilipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga tekstuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

xxx

(g) Tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

(h) Magsagawa sa mga antas na pambansa, rehiyonal, at lokal ng mga pagdinig pambuliko, kumperensiya, seminar, at iba pang mga pangkatang talakayan upang umalam at tumulong sa paglutas ng mga suliranin at mga isyung may kaugnayan sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Pilipinas;

SAPAGKAT, ang *Ortograpiyang Inata* ay nagsisilbing mahalagang sanggunian para sa mga mananaliksik ng mga wika ng bansa na tumutugon sa mandato ng KWF batay sa Batas Republika Blg. 7104, gayundin sa mga pangunahing kasangkot.

IPINAPASIYA, gaya ng ginawang pagpapasiya ngayon, at sang-ayon sa mga inilatag na proposisyon sa itaas, pinagtitiyak ng KWF ang patarakan sa pagbuo at pagpapatupad ng patakarang pangwika ng KWF kaugnay ng opisyal na ortograpiya ng Inata;

IPINAPASIYA, na matapos ang konsultasyon at ugnayan ng KWF at ng mga stakeholder ng wikang Inata, at matapos din ang serye ng pagsusuri at rebisyon ng ortograpiya ng nabanggit na wika, pinagtitiyak ang kapasiyahang ito bilang pagkilala sa opisyal na ortograpiya ng wikang Inata;

IPINAPASIYA pa, na anumang pagbabago sa ortograpiya ng nabanggit na wika ay kinakailangang dumaan sa wastong konsultasyon ng KWF at ng mga stakeholder ng wika, at pagkaraan ay sa pagpapatibay ng Kalupunan ng mga Komisyoner ng KWF;

IPINAPASIYA din, na maglalaan ng kaulukang pondo ang KWF para sa paglalathala ng nabanggit na ortograpiya;

IPINAPASIYA sa wakas, na inilalakip at ginagawang mahalang bahagi ng kapasiyahang ito ang koypa ng opisyal na ortograpiya ng wikang Inata.



PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA ORTOGRAPIYANG INATA

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner sa Pulong ng Kalupunan na ginanap ngayong 29 HULI 2024 sa Arden Hills Suites, 35th Alibon, Davao City

Kom. ARTHUR P. CASANOVA, PhD
Tagapangulo
Komisyoner para sa Wikang Tagalog

Kom. BENJAMIN M. MENDILLO, JR., PhD
Komisyoner para sa Wikang Ilokano

Kom. HOPE S. YU, PhD
Komisyoner para sa Wikang Ibanag

Kom. MELCHOR E. ORPILLA, PhD
Komisyoner para sa Wikang Pangasinan

Kom. ABRAHAM P. SAKILI, PhD
Komisyoner para sa mga Wika ng Muslim Mindanao

Kom. JOSE KERVIN CESAR CALABIAS, PhD
Komisyoner para sa mga Wika ng Kahilagaang Pamayanang Kultural

Kom. CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD
Komisyoner para sa Wika ng Samar-Leyte

Kom. JESUS C. INSILADA, EdD
Komisyoner para sa Wikang Hilagaynon

Kom. REGINA C. CRUZ, EdD, PhD
Komisyoner para sa Wikang Kapampangan

Kom. CHRISTIAN T.N. AGUADO, PhD
Komisyoner para sa mga Wika at Kultura ng mga Katutubo sa Mindanao

PINATUTUNAYAN NG NAKALAGDA NA ANG KAPASIYAHAN BLG. 52-9, SERYE 2024 AY PINAGTITIBAY NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO.

Kom. ARTHUR P. CASANOVA, PhD
Tagapangulo



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel

San Miguel, 1005 Maynila

Tel. (02) 899-606-70

www.facebook.com/komfilgov

komfil@kwf.gov.ph

www.kwf.gov.ph